Talumpati
ng
Kagalang-galang Benigno S. Aquino III
Pangulo ng Pilipinas
Sa pagkokomisyon at pagbibinyag sa mga bagong kagamitan ng Hukbong Dagat ng Pilipinas
[*Inihayag sa South Harbor, Lungsod ng Maynila, noong ika-14 ng Disyembre 2011*]

Secretary Voltaire Gazmin; Mayor Alfredo Lim; Representative Jun Abaya; Representative Jose Zubiri III; Representative Gabriel Quisumbing; Representative Mark Sambar; Lieutenant General Jessie Dellosa; Vice Admiral Alexander Pama; Rear Admiral Jose Luis Alano; Admiral Ramon Liwag; Major General Emmanuel Bautista; Major General Rustico Guerrero; Commissioner Ruffy Biazon; honorable foreign defense attaches; men and women of the Philippine Navy; fellow workers in government; honored guests; mga minamahal ko pong kababayan:

Magandang umaga po sa inyong lahat.

Sa araw pong ito, inilalayag natin ang Hukbong Dagat ng Pilipinas tungo sa ating agenda ng makabuluhang pagbabago—sa direksyon kung saan mapapabuti ang kanilang mga kagamitan, at malilinang ang kanilang kakayanan bilang mga tanod ng baybaying-dagat. Tunay pong makasaysayan ang araw na ito—hindi lamang para sa ating Hukbong Dagat—ngunit maging sa buong bansa. Kasabay ng pagbibinyag, binubuksan natin ang tarangkahan sa paggamit sa apat na bagong assets ng inyong hanay—ang BRP *Gregorio del Pilar*, ang BRP *Tagbanua*, ang multipurpose utility helicopter PNH-422, at ang nagbabalik-ngalan ng BRP *Ang Pangulo* mula sa BRP *Pag-asa*.

Tulad po ng binanggit ko sa aking talumpati noong Lunes, sa pagpapalit-atas ng ating sandatahang lakas: kailangang ituon ng sandatahang lakas ang pansin sa mga banta—hindi lamang sa loob ng bansa, ngunit ngayon, maging sa mga panlabas na hamon. Bilang isang arkipelago na may 36,000 nautical miles na baybayin, mahalaga pong magkaroon tayo ng sapat at matatag na depensa upang mabantayan ang ating mga isla. At upang maitaguyod po ito, hindi na maaari ang mga kakarag-karag na mga sasakyan at mga luma at palyadong kagamitan. Kongkretong patunay po ang mga sasakyang pandagat at panghimpapawid na ito sa ating pagsusumikap na palakasin ang puwersa ng ating Hukbong Dagat, at patibayin ang tanggulan ng ating bansa.

Ang BRP *Gregorio del Pilar* po, na ipinangalan sa pinakabatang Heneral ng Rebolusyong Pilipino, ay inaasahan nating manguna sa pagpapatrolya sa ating soberanya, at sa pagsisigurong malaya sa krimen ang ating mga baybaying-dagat. Ang modernong barko pong ito, bukod sa kakayahang magsagawa ng malawakang pagronda sa ating mga karagatan, ay kinumpuni rin upang makipagbuno sa pabago-bago at mapinsalang kondisyon ng panahon, at tumagal sa tuloy-tuloy na pagpapatrolya ng aabot sa hanggang apatnapung araw. Itatalaga po natin ang BRP *Gregorio del Pilar* sa Naval Forces West Area of Responsibility sa West Philippine Sea. Harinawa, ang isang Hamilton Class Cutter po nating ito ay magiging dalawa sa lalong madaling panahon. [*Applause*]

Sa araw din pong ito, masasaksihan natin ang paglalayag ng BRP *Tagbanua*—ang kauna-unahang landing craft utility na binuo sa ating bansa, na ipinangalan naman sa isa sa mga pinakaunang etnikong pangkat sa Pilipinas—ang tribo ng Tagbanua sa Palawan. Malaking tulong po ito sa ating mga operasyong pandagat—kasama na ang transportasyon ng ating mga tropa at kagamitan sa iba't ibang bahagi ng ating kapuluan. Sa oras ng pangangailangan, tinataya din po nating makakatulong ito sa mga inisyatiba ng ating pamahalaan na pangalagaan ang kapakanan ng taumbayan—tulad ng non-combatant evacuation, medical evacuation, at rescue and relief operations. Kasabay nito, patunay din ang BRP *Tagbanua* sa kakayahan ng Pilipinas na makipagsabayan sa ibang mga bansa sa larangan ng pagbubuo ng mga barko. At dahil gawa po ito ng mga Pilipino, masasabi po nating tunay na atin ito.

Mahalagang dagdag din po sa imbentaryo ng inyong hanay ang multipurpose utility helicopter na PNH-422, na binuo naman sa Alemanya. Ang helikopter pong ito, na ipinagkaloob ng Tourism Infrastructure and Enterprises Zone Authority sa ating Hukbong Dagat nitong Agosto lamang, ay itatalaga naman po natin sa Naval Air Group ng ating Philippine Fleet. Kasama po ang ating BRP *Gregorio del Pilar* at ang BRP *Tagbanua*, inaasahan po nating higit pang mapapabuti ang mga operasyong pandagat upang masigurong ligtas at malayo sa peligro ang ating pong teritoryo at mga mamamayan.

Tatatak din po sa kasaysayan ang araw na ito sa pagbabalik-ngalan natin sa BRP *Pag-asa* tungo sa orihinal nitong pangalan na BRP *Ang Pangulo*. Nakilala nga po ang pampanguluhang yateng ito, sa halos apat na dekada, bilang BRP *Ang Pangulo*; kaya naman, ang pagbabalik-ngalan nito ay pagpapatingkad sa kanyang makabuluhang pagkakilanlan sa kasaysayan.

Sa likod po ng mga napapagtagumpayan na ng inyong hukbo, sumasaludo ako sa puspusang pagsusumikap at patuloy na pagkayod ng Hukbong Dagat ng Pilipinas, sa pangunguna ni Vice Admiral Alexander Pama, upang magampanan ang kanilang tungkulin sa bayan. Hindi po tayo makakarating sa pagkakataong ito kundi dahil sa tatag at dedikasyon ninyo. Gayundin, kinikilala ko ang pakikipagbayanihan ng iba pang mga ahensiya bilang suporta sa inyong hanay.

Maliwanag po: dito tayo dinadala ng daang matuwid. Hindi man kalakihan ang ating pondo, pero sinusulit po natin ang paggamit dito. Patunay ang narating nating ito sa layo ng kaya nating abutin kung sama-sama lamang tayong magsasagwan, at iisang direksyon ang ating tatahakin. Sa likod ng ating pagsulong, huwag sana nating lilimutin na mahaba pa ang ating lalakbayin. Manatili sana tayong nakatutok sa ating layunin, kumapit nawa tayo sa inaasam nating tunguhin: isang Pilipinas na mas matatag, mas maginhawa, mas mapayapa, at natatanglawan ng wagas na liwanag.

Maraming salamat po sa lahat. Magandang umaga po.